

3.1 Mga Krampatang Bayad sa Pagsasalin

Sentro ng Wikang Pilipino Unibersidad ng Pilipinas, Diliman (SWF-UPD)

Mga Batas sa Pagsasalin para sa Pribado o Personal na Mga Kahilingan
(Isalin lamang ang mga dokumentong nasa wikang Ingles patungong wikang Filipino)

Proseso: Kinakailangan na mag-email sa Direktor ng isang liham ng kahilingan upang maisalin ang dokumento mula sa Ingles patungo sa Filipino. Ang kopya ng nasabing dokumento (Ms Words) ay dapat na nakalakip sa email. Kumpletuhin ang translation service form sa pagsasalin. Maghintay ng tugon.

Panahon ng Pagsasalin: Gugugol ng 28-33 araw sa pagsasalin ng dokumentong may isa hanggang sampung pahina. Kung hihigit ito sa sampung pahina, mas mahaba ang panahon ng pagsasalin. Sa kabilang banda, kung ang mga tagasalin ay may sabay-sabay na aktibidad o proyekto, ang oras ng pagsasalin ng dokumento ay maaaring maurong, at maaabisuhan agad ang mga kliyente sa pamamagitan ng email. Ang isinalin na mga dokumento ay sinisiyasat ng direktor bago ito mai-release. Maaaring makaapekto ang maraming pagrerebisa sa itinakdang panahon ng pagsasalin.

Sertipiko ng Pagsasalin: Magbibigay ang SWF-UPD ng sertipiko ng pagsasalin hinggil sa kahilingan.

Format ng Pagsasalin: Times New Roman na estilo na may laki ng font na 12, may double-spaced at may laki ng pahina na 8.5 x 11 pulgada.

Halaga ng Serbisyo sa Pagsasalin: Ang mga kahilingan sa pagsasalin mula sa pribado o personal na sektor ay kinakailangan mag bayad. Ang SWF-UPD ay nagpabayad ng limang daang pesos (P500.00) bawat pahina ng isinalin na bersyon (Filipino), ayon sa format ng pagsasalin na nabanggit sa itaas.

Tandaan: Ang lahat ng mga transaksyon ay ipadadala sa pormal na mensahe sa pamamagitan ng email upang ang tanggapan ay magkaroon ng dokumentasyon sa anumang mga responsibilidad nito.